# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 03 OCT 2023 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: 10/03/23 TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 354-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA SA KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY PAGSAWITAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY KABUUANG HALAGANG P572,469.95 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 099-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 091-T2023 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na may kabuuang halagang P572,469.95 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 099-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 091-T2023 ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lea A. Almarvez at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan para Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na may kabuuang halagang P572,469.95 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 099-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 091-T2023 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

10/2/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

0028233411